MALAY 35(1) Disyembre 2022, pp. 54–61

# Mga Literaturang Oral ng mga Caramoranon sa Rehiyong Bikol Bilang Repositoryo ng Kulturang Pilipino/

# *Oral Literature of the Caramoranons in Bicol Region as a Repository of Filipino Culture*

Jovert Balunsay
Susan M. Tindugan
bert_valy@yahoo.com
Pampamahalaang Unibersidad ng Catanduanes

Hitik sa yamang kultural ang lalawigan ng Catanduanes. Maliban sa naggagandahang mga tanawin ay umiiral pa rin sa isla ang mga akdang pampanitikang halos hindi pa naisasapapel. Kabilang sa mga ito ang mga panitikang oral ng mga Caramoranon o mga mamamayan ng Caramoran, Catanduanes. Sinaliksik sa papel na ito ang iba't ibang panitikang oral ng mga Caramoranon na may layuning masuri at maisapapel upang mabasa at magamit bilang kagamitang instruksiyonal sa Filipino at Panitikan. Sa pamamagitan ng pakikipanayam sa matatanda at may mga alam ng mga panitikang oral ay nalikom ng mga mananaliksik ang samot-saring kuwentong kababalaghan, mga tula, tigsik, rawitdawit, kanta, at mga bugtong. Ang mga ito ay inirekord at pagkatapos ay dumaan sa proseso ng transkripsiyon. Sinuri ng mga mananaliksik ang paksa at mga aspektong kultural na nakapaloob sa bawat akda. Ang mga nakalap na datos ay inihanay sa angkop na mga talahanayan at mabusising sinuri ng mga mananaliksik. Natuklasan ng mga mananaliksik na ang mga paksa at aspektong kultural na mahahango sa bawat akdang pampanitikan ay repleksiyon ng mayamang kinamihasnan, payak na pamumuhay, kasaysayan, kultura, tradisyon, at paniniwala ng mga Caramoranon at ng mga Catandunganon sa kabuoan.

**Mga Susing Salita:** Aspektong Kultural; Catanduanes; Literaturang Oral; Lokal na Literatura,

*The island province of Catanduanes is culturally rich. Aside from the breathtaking sceneries, Catanduanes is also known for different literary pieces that until now remain unwritten. These include the oral literature of the Caramoranons or the residents of the Municipality of Caramoran, Catanduanes. In this paper, the researchers, were able to gather the different oral literature of the Caramoranons. These were transcribed and analyzed for wider readership and for the purpose of transforming them to be instructional materials in Filipino and Literature classes. With the aid of interviews with the natives of Caramoran, the researchers were able to collect stories on supernatural beings, poetry, tigsik, rawitdawit, songs, and riddles. These were recorded and transcribed. The researchers analyzed the common themes and cultural aspects in every selection. Data were tabulated and analyzed thoroughly. It was found that the themes and cultural aspects in every selection reflect the rich civilization, simple forms of living, history, culture, traditions, and beliefs of the Caramoranons and the Catandunganons as a whole.*

***Keywords:*** *Catanduanes; Cultural Aspects; Local Literature; Oral Literature*

Copyright © 2023 by De La Salle University

## PANIMULA

Isa sa mga pamanang yaman ng mga ninuno ang panitikan. Ito ang kinasasalaminan ng pagkakakilanlan ng pagkalahi. Sa panitikan nakatala ang mahahalagang pangyayari sa kasaysayan. Bawat lugar ay may kani-kaniyang misteryong bumabalot, mga kuwento sa likod ng ngiti, paghihirap, at nakamamanghang pangyayaring hindi lubos maunawaaan. Ito'y sumisimbolo sa kultura at paniniwala sa isang lugar, tungo sa pagkakakilanlan ng bawat isa.

Sa pagpapayabong ng kultura, ipinapakahulugan sa Artikulo XIV seksiyon 14–15 ang malayang pagkilos upang magsaliksik at patuloy na mapaunlad ang kulturang mayroon ang isang bayan. Dapat itaguyod ng Estado ang pangangalaga, pagpapayaman at dinamikong ebolusyon ng isang pambansang kulturang Pilipino salig sa simulaing pagkakaisa, sa pagkakaiba-iba, sa kaligirang malaya, artistiko at intelektuwal na pagpapahayag. Dagdag pa ritong dapat tangkilikin ng Estado ang mga sining at panitikan. Dapat pangalagaan, itaguyod, at ipalaganap ng Estado ang pamanang historikal at kultural at mga likha at mga kayamanang batis artistiko ng bansa. Kaya naman, mainam na pangalagaan at payabungin ng tao ang sariling mga panitikan, oral man ito o nakasulat (49–52).

Ang katawagang pasalindila ay nagmula sa dalawang salitang pinag-isa o pinagsama: "pasalin" na naglalarawan ng paraan ng pagbabahagi, pagtuturo, paglalahad, pagpapalaganap, o kaya'y paglilipat ng karunungan ng naunang henerasyon sa sumusunod; at "dila" isang pinakamahalagang bahagi ng katawan, espesipiko ng bibig, na isa sa mga kasangkapan sa pagbuo ng salita o pagsasalita (Arrogante 67). Ang mga panitikang nakakubli, na nasa pasalindilang anyo o tinatawag ding oral na literatura ay kinakailangang bigyang pansin upang lubos pang mapayabong at malinang at magamit sa susunod pang henerasyon.

Ang Caramoran ay isang $3^{rd}$ class na bayan sa lalawigan ng Catanduanes. Ayon sa senso ng 2020, ito ay may populasyon na 32,114 sa may 6,573 na kabahayan. Mayaman sa kultura at mga natural na yaman, magandang tanawin, puting buhangin sa dalampasigan, isa sa pinakatatangi kung papaunlarin ang turismo. Ang Caramoran ay isang kostal na lugar ng lalawigan.

May kabuuang lawak na 263.74 square kilometers o 101.83 square miles na kumakatawan sa 17.68% ng kabuuang lawak ng Catanduanes.

Ang bayan ay mayaman din hindi lamang sa mga nakasulat na akda kundi pati na ng mga oral na literatura. Nagpapasalin-salin sa bibig ng mga Caramoranon ang iba't ibang kuwentong may kaugnayan sa kababalaghan, katatakutan, hiwaga, at iba pang paksa. Mga bagay na dapat ay maidokumento at mailimbag upang hindi tuluyang malimot ng mga susunod na henerasyong bantad na sa mga makabagong teknolohiya.

Naging layunin ng papel na ito ang makalikom, maisalin sa Filipino, at masuri ang mga oral na literatura sa Caramoran at mailimbag ito bilang isang lehitimong ambag sa panitikan hindi lamang ng probinsiya kundi ng rehiyon at ng bansa. Sinagot sa pananaliksik na ito ang sumusunod na mga katanungan: 1) Ano-anong mga oral na literatura ang malilikom sa Caramoran? 2) Ano-ano ang mga paksa ng mga oral na literatura sa Caramoran? 3) Anong mga aspektong kultural ang masusuri sa mga nilikom at isinaling oral na literatura sa Caramoran?









https://en.wikipedia.org/wiki/Caramoran

Mahalaga ang papel na ito sapagkat magmumulat ito sa mga mag-aaral ng kahalagahan ng mga panitikang bayan bilang mga kasangkapan sa paglinang ng kanilang mga gawi, saloobin, at pagpapahalaga. Magsisilbi rin itong lunsaran ng mga guro sa kanilang pagtuturo sa antas elementarya, sekondarya, tersarya. Sa paraan ding ito, mabibigyan sila ng ideya na paigtingin ang pagtuklas at pananaliksik ng mga nakakubling literatura sa kani-kanilang lugar upang ang mga yamang ito ay ganap nang maisapapel. Malaking ambag din ito upang lalo pang mapaunlad ang wika at panitikan sapagkat masasalamin sa mga kathang sinuri ang awtentikong paggamit ng wikang rehiyonal pati na ang pagkakaroon ng mga karagdagang akda na maaaring itampok bilang kayamanan ng lahing kayumanggi.

## METODOLOHIYA

Ang disenyo ng pananaliksik na ito ay palarawan o deskriptib. Interbyu, pagsasalin, at pagsusuring pangnilalaman naman ang mga metodong ginamit.

Gumamit ang mga mananaliksik ng *tally sheets* at *content analysis sheet* upang malinaw na maitala ang iba't ibang kodang sangkot sa pag-aaral na ito. Gumamit din ng rubric na may iskala ng kuwantipikasyon o *weighted mean* upang masukat kung gaano kaangkop ang ginawang pagsasalin sa Filipino ng mga oral na literatura sa Caramoran.

### *Mga Literaturang Oral na Nalikom sa Bayan ng Caramoran*

Sa isinagawang pananaliksik, nakalikom ang mga mananaliksik ng 196 na mga literaturang oral. Pitumpu't pito (77) sa mga ito ay tigsik; ang kanta ay may 33; kuwentong kababalaghan na may bilang na 32; ang alamat na may 21; labindalawang (12) rawitdawit; sampung (10) tula; anim (6) na kuwentong bayan, at limang (5) bugtong**.**

Ang panitikan ay isa ring pagpapahayag na kinapapalooban ng katotohanan at pagpapahayag sa paraang nagpaparanas sa mambabasa ng kaisipan at damdamin ng awtor. Ito'y salamin ng panahon, ng kaligayahan, ng kalungkutan, ng pagkilala, ng pagbabago, ng pagkakasundo, at ng pag-unlad (Rubin 27).

Batay sa nakalap na mga panitikang oral, maituturing kung gayon na mayaman ang bayang ito sa panitikan.

### *Mga Paksang Nakapaloob sa mga Literaturang Oral*

Ang karaniwang paksa ng mga tigsik ay tungkol sa seks o seksuwalidad. Labing isa ay may ganitong paksa, tungkol naman sa hayop ang pangalawa na may bilang na 6; pangatlo ang tungkol sa halaman na may 5; sumunod ang katangian na may 4; panlima ang gawain at bagay na may 3; ang pangyayari at pag-uugali na may tigdalawa at panghuli ang tungkol sa pag-ibig.

Ang tigsik ay isang oral na poetika ng mga Bikolano, ang salitang ito ay nag-ugat sa tunog ng dalawang basong pinagtagis ng dalawa o higit pang manginginom (Banzuela at Belgica 5). Dahil karaniwang nabibigkas habang nag-iinuman, kadalasan, kapag nalalasing na, mas nagiging kuwela ang pagbigkas ng tigsik lalo na kung ito ay tungkol na sa seks o seksuwalidad. Ang tulang ito ay binibigkas nang malaya at karaniwang ang mambibigkas ay nakainom ng alak. Inilalahad sa mga tigsik ang nakatagong talino at ekspresyon sa bawat panahon. Inilalantad nito ang nakatagong pag-uugali ng mga Bikolano. Bawat taludtod ay naghahatid ng makabuluhang diwa na magsisilbing aral at mananatili sa kanilang damdamin.

Masayahin ang mga Pilipino, pinatutunayan ito ng napakaraming okasyong ipinagdiriwang ng bawat tahanan, grupo o organisasyon, bayan, bansa o maging ng buong daigdig. Sa ganitong pagkakataon, higit na nagiging masaya ang anumang okasyon kung ito ay may inuman. Ayon sa pag-aaral na isinagawa ng World Bank noong 2015, pangsiyam ang Pilipinas sa listahan ng mga bansang malakas uminon sa buong Asya. Kaya naman hindi nakapagtataka kung may mga lugar na tila karaniwan na ang makakita ng umpukan ng mga manginginom sa mga kanto, bahay, at iba pang lugar. Ang mga ganitong kasiyahan ay bahagi na ng kulturang Pilipino dahil dito naipamamalas ang pakikiisa at pakikipagkaibigan.

Sa inuman hindi lamang kuwentuhan, kundi may kantahan, pagtula at iba pa. Ang pagtigsik ang isa sa uri ng tulang binibigkas. At mula sa natuklasan sa pag-aaral, nauukol sa seks, pagtatalik o gawaing pangmag-asawa ang naging tampok, dahil karaniwang pami-pamilya ang dumadalo sa mga okasyong ito, mga mag-asawa rin minsan ang kasama sa umpukan kaya nagsisilbing biruan at tuksuhan ang tigsikan dahilan upang tumagal ang umpukan at higit sa lahat nagiging mas malapit sa isa't isa ang mga magkakaibigan o magkakamag-anakan. Pinatunayan ito sa pag-aaral ni Panim kung saan natuklasan niyang nauukol sa

maselang parte ng katawan ng tao at mga usaping seks ang mga paksang nakapaloob sa mga kanta ng mga nag-iinuman sa Isla ng Palumbanes at ayon sa panayam sa residente doon ay karaniwan sa kanila iyon na maging masaya o nakatutuwa ang usapan/kuwentuhan (121). Sa pag-aaral ni Cruz natuklasan din niyang isa ang aspektong pangseks sa temang nakapaloob sa mga tula ni Patrocinio Villafuerte (89).

Narito ang halimbawa ng tigsik hinggil sa seks o seksuwalidad. Kapansin-pansin ang paggamit ng mga salitang *buray* at *boto* na katumbas ng ari ng babae't lalaki at ang seksuwal na gawaing inilalarawan ng mga salitang *maninggo* at *naigo (*matulis at nasapol).

Ang mga halimbawa namang tigsik ay tungkol sa hayop. Sinasabi sa tigsik na ito na gusto niyang ligawan ang magkapatid, ngunit lubhang mahirap kaya una niyang niligawaan ay ang mga magulang. Katulad din ng kaugaliang Pilipino, kailangan munang magpakilala ang isang lalaki sa magulang ng babaeng liligawan bago pormal na manligaw sa anak. Ito ay nagpapahiwatig din ng pagiging magalang ng isang binata.

*Mga Tigsik sa seks:*

*Tigsik burisik*
*Buray na gisik*
*Botong maninggo*
*Buray ang naigo.*

*Tigsik burisik*
*Buray na gisik*
*May kalson, may pantylet*
*Nakalusot pa su lapit.*

*Tigsik ko si Mariposang magayon*
*Nagtutukmo sa gumon*
*Daing mata, daing ngipon*
*Ugat sana ang kinakaon*

*Tigsik sa hayop*

*Tigsik ko ining kulambutan*
*Inintres ko ang magtugang*
*Idinamay ko ang magurang*
*Ta nganing daing karibukan*

*Tigsik ko ining buskay*
*Nagtikaya sa baybay*
*Kaniguan ning kalilikay*
*Tinamaan man giraray.*

*Tigsik ko ining guto*
*Pakaagi ning luho*
*Susu sanang susu.*

Pangatlo sa paksa ay tungkol sa halaman at katangian ng tao. May mga tigsik ding tungkol sa iba pang mga paksa kagaya ng gawain, bagay, pangyayari, at pag-uugali. Mga halamang gaya ng kawayan, kahoy na panggatong, kamyas, at iba pa ang tinukoy sa tigsik; pinansin din sa mga tigsik ang tungkol sa buhay, ang katangian ng mga tao sa lugar, mga gawain sa pang-araw-araw, mga bagay na makikita sa paligid, mga pangyayaring naganap sa lugar at mga pag-uugali ng tao. Ayon kina Arrogante, ang mga panitikang oral na ito bagama't payak ay punong-puno ng aral sa buhay at sumasalamin sa magagandang kaugalian, saloobin, paniniwala at mga bagay-bagay na may kaugnayan din sa simple at natural nilang pang-araw-araw na pamumuhay at pagpapahalaga sa kanilang pagkalahi (146).

*Iba pang paksa*

*Tigsik ko ining pako*
*Kirikot ang payo*
*Iisog-isog mo digdi*
*Ta hahadukan ko.*

*Tigsik ko si Inang Birhen*
*Na nakatuntung sa sasalming*
*Nabuyo ngayang umiktin*
*Nakaabot sa Jerusalem.*

*Tigsik ko ining arak sa baso*
*Na iinomon ko*
*Maglaog ka sa tulak ko*
*Dai ka magsakat sa payo*
*Ta masusupog ako*

Samantala, sa mga kanta, pinakamaraming paksa ang tungkol sa pag-uugali ng mga tao. Mabisang ekspresyon sa lipunan ang panitikan. Isa ito sa pangunahing institusyon ng pagsasalin ng kultura sa mga henerasyon na binubuo sa bawat lipunan. Samakatwid, hindi salamin o repleksiyon ang panitikan kundi isang institusyon at kasangkapan na nakatuon sa pagkamit ng pag-unlad ng pag-iisip at kakayahan ng mga mamamayan sa loob ng isang lipunan. Ayon kina Cantar at Tindugan, kahit na ang akdang ito'y isinasalaysay para magsilbing libangan o pang-aliw sa tao, ito nama'y kapupulutan ng mahahalagang aral, mga pagpapahalagang nakatutulong sa mga mambabasa (78).

Panay naman tungkol sa aswang ang paksa ng mga kuwentong kababalaghan. Bahagi rin ng kulturang Pilipino ang kuwentong katatakutan. Bahagi ito ng pagiging malikhain ng mga ninuno. Nahahasa nito ang kanilang kakayahan sa pagkukuwento o pagsasalaysay.

Lahat ng alamat ay tungkol sa pinagmulan ng mga pangalan ng lugar o barangay ng bayan ng Caramoran. Ayon kina Cantar at Tindugan, ang mga kuwentong bayan ay may iba't ibang anyo. Ito'y maaaring mito, alamat, anekdota, kuwento ng mga hayop, mga kuwentong sumasagot sa "bakit" (minsan ay tinatawag na mga kuwento ng pinagmulan), tungkol sa katangahan at biro (97).

Karamihan naman sa mga rawitdawit ay tungkol sa mga pagdiriwang. Ang rawitdawit sa Ingles ay "poetry," isang uri ng literatura sa Bikol na tinatawag ding naratibong poesya (Santos 28–37). Sa pag-aaral ni Lazado, tumuon ito sa paglalarawan ng mga gawaing pampamilya, gawaing panrelihiyon, at gawaing pampamayanan kaugnay ng pagdiriwang ng kapistahan sa Catanduanes. Natuklasan sa kaniyang pag-aaral na pananampalataya sa Diyos ang pagpapahalagang Catandunganon na ipinakikita sa pagdiriwang ng kapistahan (89).

Paniniwala naman sa Diyos at sigasig sa pag-aaral ang nangunang paksa sa mga nalikom na tula**.** Likas na maka-Diyos ang mga Pilipino dahil na rin sa impluwensiya ng mga Kastila na matagal na nanakop sa bansa. Ayon sa pambansang senso ng Pambansang Tanggapan ng Estadistika (2010), tinatayang 90.1% ng mga Pilipino ang mga Kristiyano na binubuo ng 80.6% na Katoliko.

Iba-iba rin ang paksa ng mga kuwentong bayan na kinabibilangan ng pinagmulan ng mga lugar, pamahiin, epekto ng sumpa, paniniwala, kabutihang asal, at katangian ng mga tao. Ang kuwentong bayan ay akdang pampanitikang minana pa sa mga ninuno. Ito ay nagpasalin-salin sa bibig ng mga tao hanggang sa makarating sa kasalukuyang panahon.

Katangian ng tao, halaman, at mga bagay ang mga pangunahing paksa ng mga nalikom na bugtong. Sa panitikang Pilipino, inilalarawan ng bugtong ang pag-uugali, kaisipan, pang-araw-araw na buhay at katutubong paligid ng mga Pilipino. Bilang isang maikling tula, madalas itong nagiging isang palaisipan sa tuwing naglalaro ang mga bata.

### *Mga Pagpapahalagang Nakapaloob sa mga Panitikang Oral*

Sa anumang uri ng lipunang maaaring kabilangan ng tao, ang mga pagpapahalaga ang nasa gitna nito ayon kina Ongsotto. Ang pagpapahalaga ay isang bagay na pinili, na malayang pinili sa mga mapamimilian. Ang mga pagpapahalaga'y repleksiyon ng mabuti at masama at kung ano ang nararapat para sa isang tao (27).

Mahalagang magtaglay ng mga pagpapahalagang pangkatauhan ang mga akdang pampanitikang nababasa upang higit na tumatak sa isipan ng sinumang babasa nito lalo na ng mga kabataan. Ito ang nakahihikayat sa mambabasang magbasa. Ang mga akdang ito ay hindi lamang makalilibang o makaaaliw kundi magtuturo pa ng mga kagandahang-asal o pagpapahalagang pangkatauhan.

Sa mga tigsik, 34 sa mga ito ay nakatuon sa maseselang bahagi ng katawan ng tao na idinaan sa pagbibiro gamit ang pagtutulad o simile upang katawanin ang bagay na tinutukoy; 15 ay nagbigay ng pagpapahalaga sa gawain; 9 sa mga ito ay nagpahalaga sa mga likas na yaman; katangian at kaugalian na may 7; gayundin ang pagbibigay-aral na may kaparehong bilang; nasuri rin ang mga pagpapahalagang positibong pag-uugali;kabutihang-asal; pag-ibig o pagkagusto; at pananampalataya.

Ang katapatan ng isang indibidwal sa kaniyang asawa gamit ang retorikal na pagpapakahulugan sa halamang kawayan ang pagpapahalagang tinukoy sa tigsik; makikita rin ang mga pagpapahalaga tulad ng pagiging mulat sa nangyayari sa paligid partikular sa pagpuna sa masasamang gawi ng kapuwa gaya ng paggamit ng dinamita sa pangingisda; pagpapaalala o pagbibigay-aral sa hindi paglimot ng anak sa kaniyang mga magulang sa oras ng pagkakaroon niya ng sariling pamilya; pagiging konserbatibo ng babae; pagpapahalaga sa gawain; pag-alala sa Inang Birhen; mga pagpapahalagang tulad ng pagiging magalang, patas, masayahin at maka-Diyos sa gawaing pag-iinom; nabanggit din ang paggalang sa mga nakatatanda at respeto ng lalaki sa kaniyang asawa; ang pag-alay ng anumang nakayanan para sa taong humihingi ng tulong; sa pagpapahayag ng pag-ibig, at paggalang at respeto sa magulang ng nililigawan.

Nanguna naman sa mga pagpapahalagang nakapaloob sa mga kanta ang pagkakaroon ng positibong pag-uugali. Mababakas din sa mga kanta ang pagpapahalaga sa mga kasayahan na nilangkapan ng pagbibiruan gamit ang seks ng tao; binigyan din ng pagpapahalaga sa mga kanta ang labis na pagmamahal; likas na yaman; pagsisikap at pagtitiyaga; gayundin ang malasakit at pagtitiwala sa kapuwa; pananalig sa Diyos at relihiyon; at pagbibigayan at paghihiraman.

Nananatiling paksa ng mga awiting bayan o kantahin ang tungkol sa katutubong kultura, pinapaksa

dito ang tungkol sa damdamin ng tao, paglalarawan at pakikitungo sa kapaligiran, kahalagahan ng paggawa, kagandahang buhay, pananalig, pag-asa, pag-ibig, kaligayahan, kalungkutan at paglalahad ng iba't ibang ugali at kaugalian (Correo 54).

Kilala rin ang mga Bikolano sa pagkahilig sa mga awit; sinabi nina Lopez na ang mga kuwentong awiting ito tulad ng mga awiting pandulaan, awit sa mga inuman, awit sa paggawa at oyayi (Siazon-Lorenzo 44).

Pagpapahalaga sa mga paniniwala ang nanguna sa mga pagpapahalagang nakapaloob sa mga kuwentong kababalaghan. Ayon kay Aguilar, ang mga katutubong kuwento ay pagsasalaysay sa mga sinaunang panahon patungkol sa mga makatotohanan at di-makatotohanang bagay na maaaring likhang-isip na kawili-wiling basahin. Ito ay nahahati sa apat na uri: ang mito, alamat, kababalaghan, at pabula (20).

Nanguna naman sa mga alamat ang pagpapahalaga sa positibong pag-uugali. Pagpapahalaga sa kasiyahan ang nanguna sa mga pagpapahalagang nakapaloob sa mga rawitdawit. Pamilya at pagkakaisa ang mga pagpapahalagang nanguna sa mga nalikom na tula. Sa mga kuwentong bayan, pinakarami ang mga pagpapahalaga sa positibong pag-uugali at pagmamalasakit sa kapuwa. Pinakamarami namang pagpapahalagang nalikom sa mga bugtong ang pagpapahalaga sa mga halaman o pananim.

*Mga Aspektong Kultural na Nakapaloob sa mga Literaturang Oral*

Ang kultura ay tumutukoy sa paraan ng pag-uugali, pag-iisip, paniniwala, pamahiin, panlipunang gawi ng iba't ibang pangkat ng mga taong naninirahan, nakikihalubilo at nakikiisa sa isang pook na kinabibilangan.

Ang aspektong kultural ay tumutukoy sa mga kaalamang tinataglay ng mga kuwentong nagpasalin-salin sa bibig ng mga tao na nagsisilbing repleksiyon ng buhay ng may-akda at ng panahong kaniyang iniinugan. Pag-aaral na ang binibigyang diin ay ang kultura ng tao, halimbawa'y ang ugali, ang panahong kaniyang iniinugan, ang paraan ng kanilang pamumuhay, kanilang mga tradisyon, paniniwala at iba pa (Sanchez 28).

**1. Aspektong Kultural – Kaugalian**

Ang mga kaugaliang nahango sa mga tigsik ay: paggawa ng ilegal o paggamit ng dinamita sa pangingisda at paglimot sa mga magulang; pag-iwas sa suliranin; pagiging patas, paggalang, pagiging palabiro at pagbibigayan; at pagiging masigasig sa panliligaw at paggalang sa mga magulang ng nililigawan.

Mababakas naman sa mga kanta ang sumusunod na mga kaugalian: katamaran ng anak at kasipagan ng magulang at pananalig sa Diyos; pagiging palabiro; pagmamahal sa pamilya, pagiging masunurin at kasipagan; mapagtiis; pagiging maingat sa dangal o puri; pagtupad sa pangako, paggawa ng masama para sa minamahal at katatagan sa harap ng pagsubok; paghihiraman, pagbebenta ng aliw ng kababaihan, kasipagan, pagmamahal sa pamilya, pagiging maingat sa dangal o puri ng kababaihan at maayos na pag-eestima sa dayuhan.

Nahango naman sa mga kuwentong kababalaghan, ang sumusunod na aspektong kultural batay sa kaugaliang sumusunod: pagiging palakaibigan; pagmamahal sa pamilya; pagiging maunawain at mapag-aruga; pagiging mapamaraan at maayos na pakikipagkapuwa-tao; pagmamalasakit sa kapuwa at pagtutulungan; pagiging masunurin at pagbibigayan; pagiging responsableng anak at katimpian; pagiging responsableng asawa at pagsunod sa mga sabi-sabi ng matatanda; pagiging responsableng ama at palabiro; pagsunod sa mga nakatatanda; pagtutulungan at pagmamahal ng ama sa anak; at maayos na pakikipagkapuwa-tao.

Sa mga alamat naman mahahango ang mga kaugaliang pagiging makabayan; pagiging responsableng pinuno; kalinisan sa kapaligiran; palaasa sa likas na yaman, kasipagan, pagiging madiskarte at responsableng pinuno; at pagsunod sa pagpapasya ng matatanda.

Sa pagsusuri pa ring isinagawa ng mga mananaliksik, nahango ang mga kaugaliang nakapaloob sa mga rawitdawit tulad ng pagkamatulungin, paggalang sa matatanda, pagmamano, pagsasabi ng 'po' at 'opo', pagdadala ng gamit ng matatanda, pag-alalay sa pagtawid sa daan, takot sa Diyos, hindi pagnanakaw o pagkuha ng gamit ng iba, maayos na pag-eestima sa bisita, mapagpasalamat at paghingi ng tawad; maayos na paggabay ng magulang sa anak at pagsunod sa orasyon; maayos na pakikipagkapuwa-tao at pagtutulungan.

Ang mga kaugaliang nahango sa mga kuwentong bayan ay ang mga sumusunod: maalalahanin sa kalagayan ng iba; pagiging maka-Diyos; kasipagan sa paghahanapbuhay at kapilyuhan; palaasa sa likas na

yaman at pagiging malikhain; pagiging matulungin, mapagkawanggawa at maalalahanin, pagtanaw ng utang na loob; at kasipagan, katatagan ng loob, matulungin, kababaang loob, masunurin, mapagmahal sa magulang at pagiging patas.

**2. Aspektong Kultural – Tradisyon**

Ang mga nakalap na tradisyon sa mga literaturang oral ay ang mga sumusunod: panliligaw; pag-iinuman, pagkakaroon ng salosalo tuwing may pagdiriwang; pagkakaroon ng salosalo tuwing may kasalan; pagdiriwang ng pista; pagdiriwang ng linggo ng matatanda; at pagdiriwang ng anibersaryo ng simbahan.

**3. Aspektong Kultural - Paniniwala**

Masasalamin sa mga literaturang oral ang mga paniniwala sa sumusunod: dalawampu (20) sa mga ito ang kinapapalooban ng paniniwala sa mga taong hindi nakikita; sampu (10) ang kinahanguan ng paniniwala sa aswang; siyam (9) ang kinapapalooban ng paniniwala sa Diyos; apat (4) ang naglalaman ng paniniwala sa mga santo at santa gayundin sa himala; at isa (1) ang kinapalooban ng paniniwala sa pamahiin.

Ang mga panitikang nabanggit ay kaban ng yaman ng lahing Pilipino gayon din ng buong daigdig (Villanueva 19). Maituturing itong talaan ng buhay (Arrogante 4). Sinabi naman ni Reyes na dahil taglay nito ang kaisipan, saloobin ng mga tao, ang panitikan, sa tradisyonal na paraan, ay isang aspekto ng kultura at dito matatagpuan ang mga likha o konstruksiyon na nagpapakita kung ano ang tugon ng komunidad sa kaniyang mga karanasan sa isang maguni-guning kaparaanan (2).

Ayon naman kay Siazon, ang panitikan ay isang mahalagang bahagi ng kultura ng isang lahi. Ito ay naglalarawan ng mga tunay na pangyayaring naganap at patuloy na nagaganap sa isang bansa. Nagbibigay ito ng mga impormasyon upang maunawaan ang mga kaugalian at uri ng pamumuhay ng iba't ibang tao sa iba't ibang panig ng daigdig. Nagbibigay ang binabasang literatura ng iba't ibang kaalaman na nagbubunga ng kaunlarang pansarili at panlipunan (21).

## KONGKLUSYON

Iba't iba ang uri ng mga panitikang oral ng bayan ng Caramoran, Catanduanes na maaaring maging natatanging ambag ng mga Caramoranon sa panitikang Bikol at Pilipino. Karaniwang tungkol sa payak na pamumuhay sa kanayunan ang pangunahing paksa ng mga oral na literatura. Ang mga ito ay naglalarawan ng mga nagaganap sa kanilang paligid, mga pangyayaring maaari ring ihalintulad sa mga pangyayari sa ibang bayan o sa Catanduanes, sa Kabikulan o sa bansa sa kabuuan.

Kapupulutan ng aral ang mga oral na literaturang Caramoranon dahil sa mga pagpapahalagang nakapaloob sa bawat akda. Maaaring magamit ang mga akda bilang lunsaran sa pagtuturo ng Filipino at Panitikan sa antas elementarya, junior/senior high school at maging sa tersarya. Ang mga akda ay makatutulong sa paggunita kung anong uri ng kultura mayroon ang lugar; magsisilbi itong paraan ng pagpapabatid nang dapat ugaliin ng isang mabuting anak o mabuting mamamayan; at higit sa lahat ang nilalaman ng mga akda ay magmumulat sa mga mag-aaral/kabataan sa tunay na kulturang mayroon sa isla. Sa ganitong sitwasyon, maaaring mas higit na nilang tangkilikin ang sariling atin kaysa mga dayuhang kinahihiligan nila sa kasalukuyan.

Ang mga oral na literaturang Caramoranon ay repleksiyon ng kulturang Catandunganon dahil sa mga nakapaloob na aspektong kultural sa bawat akda. Sa aspektong kultural (tradisyon) iba't ibang klase ng pagdiriwang ang ginagawa ng mga tagarito: pista, Pasko, anibersaryo, kasalan, linggo ng matatanda, gayundin ang tradisyong panliligaw. Sa kaugalian naman, positibo at negatibo ang naging resulta: ang paggawa ng ilegal gaya ng paggamit ng dinamita sa pangingisda, pagiging tamad at paggawa ng masama para sa minamahal ay ilan sa gawaing maaaring nangyayari bunga ng kahirapan o kagipitan ng isang indibidwal. Samantala, nangibabaw sa mga akda ang katangian ng isang mabuting Pilipino, mababakas sa mga akda ang mabuting pakikipagkapuwa-tao, pagmamahal sa pamilya, paggalang sa nakatatanda at namumuno, pagmamalasakit sa kalikasan at takot sa Diyos. Bakas din ang pagiging matatag ng mga residente sa mga pagsubok na kanilang dinadaanan, nagagawan nila ng paraan ang anumang kakulangan sa sa pamamagitan na rin ng pagtutulungan at pagdadamayan. Litaw na litaw rin ang pagiging konserbatibo ng mga tao rito lalo na ang pag-ingat sa puri at dangal.

## SANGGUNIAN

Aguilar, Celedonio G. *Readings in Philippine Literature*. Rex Printing Company, Inc. 2022. Print.

Arrogante, Jose A, Ayuyao, Nunilon G., Lacanlale, Vilma M. *Panitikang Filipino*, Antolohiya. Binagong edisyon. National Books Store. 2010. Print.

Arrogante, Jose, A. *Panitikang Filipino.* Kalayaan Press Marketing, Ent.Inc. 2004. Print

Banzuela, Rafft at Belgica Jun. *Tigsik of the Bikols*. J & E Printing Press. 2022. Print.

Cantar, Maria Charlene A. at Tindugan, Susan M. Mga Isinaling Kuwentong-Bayan ng Catanduanes: Isang Pagsusuring Pampanitikan. Pampamahalaang Unibersidad ng Catanduanes. 2011. Di Limbag na Pananaliksik.

Correo, R. *Baybayin: Paglalayag sa Wika at Panitikan* 7 pp.121–125. 2019. Print.

Cruz, Reggie O. Pagsusuri sa mga Piling Tulang Kapangpangan: Implikasyon sa Pagtuturo ng Malikhaing Pagsulat sa Filipino. Angeles City Senior High School. 2014. Di Limbag na Disertasyon

Lazado, April Grace B. *Pagdiriwang ng Kapistahan sa Catanduanes: Repleksyon ng Kulturang Catandunganon."* Di-nalathalang Masteral Tesis. Pampamahalaang Unibersidad ng Catanduanes. 2016. Di Limbag na Tesis.

Ongsotto, Rebecca R., Ongsotto, Reena R. & Ongsotto, Rowena Maria. *The study of Philippine History*. Rex Bookstore,Inc. Manila. 2005. Print.

Panim, Maureen A. *Mga Literatura ng "Bote at Tagay" sa Isla ng Palumbanes, Caramoran, Catanduanes: Batayan sa Pagbuo ng Suplimentaryong Kagamitang Panturo sa Filipino*. Di-Limbag na Tesis. Pampamahalaang Unibersidad ng Catanduanes. 2022. Di Limbag na Tesis.

Reyes, Severino. S. *Ang Ating Panitikan, Binagong Edisyon*. JMC Press. 2003. Print.

Rubin, Ligaya T. *Wika, Kultura at Lipunang Pilipino sa Panahon ng Impormasyon.* 2003. Print.

Saligang Batas ng Pilipinas. Artikulo 14, Seksiyon 6. Web. 2020.

Siazon, Lorenzo, *Literatura ng Iba't Ibang Rehiyon sa Pilipinas.* 2012. Print.

Sanchez, Royce. *Salin at Suri ng mga Piling Tulang Catandunganon: Batayan sa Pagbuo ng Kagamitang Instruksiyunal sa Filipino.* 2018. Di Limbag na Tesis.

Santos, Paz V. *Hagkus: Twentieth-Century Bikol Women Writes*, DLSU, 2003. p.30–34. 2012. Print.

Siazon-Lorenzo, Carmelita. *Literatura ng Iba't Ibang Rehiyon ng Pilipinas*. Brandbooks. 2012. Print.

Villanueva, Z. *Panitikan ng Pilipinas*. Manila: Meriam & Webster Bookstore Inc. 1998. Print